Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 10, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | Pansamantalang Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |

***HINDI NAKADALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Konsehal **– O.B.** |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy.- **O.B.** |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x-------------------------------------------------------x

**KAPASYAHAN BLG. 13-10-097**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA MABABANG KAPULUNGAN SA PAMAMAGITAN NI KGG. REYNALDO V. UMALI, KINATAWAN, IKALAWANG DISTRITO, SILANGANG MINDORO NA DAGDAGAN O ITAAS ANG BAHAGDAN NG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) NG MGA MUNISIPYONG NASA KATEGORYANG MULA 6$^{TH}$ CLASS HANGGANG 3$^{RD}$ CLASS**

**"SAPAGKAT,** *kaalinsabay* ng paglilipat ng ilang mga kapangyarihan mula sa nasyunal patungong lokal sa pamamagitan ng prosesong "devolution" ay ang napakalaking hamon na maibigay sa tao ang napakaraming "frontline services";

**"SAPAGKAT,** ang tagumpay sa pangkalahatan sa pagbibigay ng mga batayang serbisyo publiko ay nakasalalay sa pinansiyal na kakayanan ng pamahalaang lokal;

**"SAPAGKAT,** kadalasan ang mga munisipyong mahihirap, gaya ng nasa 6$^{th}$ hanggang 3$^{rd}$ class ay siyang may mas marami pang dapat punang mga pagkukulang sa kalusugan, agrikultura at imprastruktura;

**"SAPAGKAT,** ang mga munisipyong nasa kategoryang ito ay halos umaasa na lamang sa IRA upang masustine at maipagpatuloy ang operasyon ng mga mahihirap na LGU, dahil na rin sa limitadong mapagkukunan ng buwis; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Hilingin sa Mababang Kapulungan sa pamamagitan ni Kgg. Reynaldo V. Umali, Kinatawan, Ikalawang Distrito, Silangang Mindoro na dagdagan o itaas ang bahagdan ng Internal Revenue Allotment (IRA) ng mga munisipyong nasa kategoryang mula 6th class hanggang 3rd class;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Ramon G. Magbanua, pinangalawahan nina Konsehales German S. Acosta, Emelita A. Osorio at Senen C. Familara, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Oktubre 10, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN S. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**GIDEON B. ABUEL**
Pansamantalang
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
*Punong Bayan*
*Petsa ng Nilagdaan:* 11 11 13

131105/SOB/jpc